



Republic of the Philippines
**Department of Education**
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 5

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Araling Panlipunan

## Ikaapat na Markahan – Modyul 6
## Pagtataya sa Partisipasyon ng Iba't ibang Rehiyon at Sektor (Katutubo at Kababaihan) sa Pakikibaka ng Bayan



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 6: Pagtataya sa Partisipasyon ng Iba't ibang Rehiyon at Sektor (Katutubo at Kababaihan) sa Pakikibaka ng Bayan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Jackie Lyn Z. Dalman | |
| **Editor:** | Ruthie C. Alba | |
| **Tagasuri:** | Vilma C. Velasco | |
| **Tagalapat:** | May D. Olavides | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan | -Schools Division Superintendent |
| | Jay S. Montealto | -Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | -Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | -Chief Education Supervisor, SGOD |
| | Ronillo S. Yarag | -Education Program Supervisor, LRMS |
| | Monina R. Antiquina | - Education Program Supervisor |
| | Leo Martinno O. Alejo | -Project Development Officer II, LRMS |
| | Vilma C. Velasco | - Public Schools District Supervisor |
| | Ferdinand R. Cornelio | - School Principal Tubod IS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Telefax: (065) 212-6986
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.p



# Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para sa iyong kaalaman. Layunin nitong matulungan ka upang makagagawa ng wastong pagkilos sa pagtugon sa mga alituntunin ng pamilya. Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na maaari itong gamitin sa iba't ibang sitwasyon ng pagkatuto. Ang wikang ginamit ay angkop sa magkakaibang antas ng bokabularyo ng mgamag –aaral. Ang aralin ay inayos ayon sa tamang pagkakasunod –sunod ng mga paksa na makikita sa aklat.

Pagkatapos mapag –aralan ang modyul na ito, inaasahang ikaw ay:

1. nakatataya ang partisipasyon ng mga kababaihan sa pakikibaka ng bayan.



# Balikan

Tingnan ang larawan:




Kilalanin natin ang mga kababaihan na makikita sa larawan.

1. May kilala ka ba sa kanila?
2. Anu - ano ang kanilang naging kontribusyon sa ating kasaysayan?
3. Kung ikaw ang tatanungin, handa ka bang gawin ang lahat para sa ating bayan? Paano?

| |
|---|
| Hindi nasusukat sa kasarian ng isang tao kung ano ang kaya mong gawin para sa bayan. Maging babae o lalaki ka man, kung gusto mong ipaglaban ang iyong adhikain para sa bayan, magagawa mo ito kung buo ang iyong kalooban at ang iyong pagmamahal at pagmamalasakit sa bayan. |

# Aralin 6

# Pagtataya sa Partisipasyon ng Iba't ibang Rehiyon at Sektor (Katutubo at Kababaihan) sa Pakikibaka ng Bayan



## Tuklasin

Mula sa panahon ng barangay, ang mga Pilipina ay pinahahalagahan na. Marami silang mahahalagang papel na ginampanan bilang mandirigma, babaylan, at higit sa lahat, bilang ilaw ng tahanan. Ang pagdating ng mga mananakop na Espanyol ay nagdala ng pagbabago sa mga kababaihan. Tanging ang mga kalalakihan na lamang ang nakapag-aral noon.

Sinu-sino ang mga kababaihan na kinilala ng ating kasaysayan? May kilala ka ba sa kanila?

Ating tuklasin ang ilan sa kanila.



**Gabriela Silang o Gregoria de Jesus**

Isinilang si Gregoria de Jesus sa Caloocan. Panganay siya sa magkakapatid at masasabing naging maayos naman ang kanilang buhay.

Katatatag lamang ng Katipunan nang makilala niya si Andres Bonifacio. Labing - walong taong gulang lamang siya samantalang tatlumpung taong gulang naman si Bonifacio na isang balo. Bagaman tutol ang ama, napapayag niya itong makasal siya sa Supremo ng Katipunan.

Bago maikasal ang dalawa, sumapi na sa Katipunan si Gregoria de Jesus. Sa isang pagpupulong ng mga Katipunero, nabuo ang isang sector na pambabae sa samahan. Si Josefa Rizal, kapatid ni Jose Rizal, ay nahalalna pangulo at siya ang inihalal na pangalawang pangulo. Mahirap ang naging kalagayan ni Oriang, kanyang palayaw, lalo na nang matuklasan ang Katipunan. Bilang Lakambini ng Katipunan at asawa ng Supremo, siya ang tagapagtago ng mga lihim na dokumento ng samahan.

Tuwing matutunugan niya ang pagdating ng mga Espanyolsa kanilang tahanan, sumasakay siya sa isang karetela at nililibot ang Tondo. Madalas na

inaabot siya ng gutom at hatinggabi na kung umuwi. Naisulat niya noon ang sumusunod na pahayag:

"Noon ay para akong kinatatakutan pagkat lahat ng akyatin kong bahay upang magparaan ng oras ay ipinagtatabuyan ako at mamamatay wari sila sa takot. Noo'y naghihinanakit ako sa lahat.

Noong ako'y kasama ng mga kawal na nanghihimagsik sa parang ng digmaan, wala akong pangiming sumuong sa anumang kahirapan at sa kamatayan man, sapagkat wala akong naiskundi ang maiwagayway ang bandila ng kasarinlan ng Pilipinas. Kabilang din ako sa mga kawal at upang maging ganap na kawal, ako'y nagsasanay ng pagsakay sa kabayo at nag-aral na mamaril at humawak ng ilang uri ng mga sandata. Naranasan kong matulog sa lupa, nang walang kinakain sa buong maghapon, uminom ng maruming tubig o kaya'y katas ng isang uri ng baging sa bundok na totoong mapakla na nagiging masarap din dahil sa matinding uhaw."

Pinakamasakit na siguro sa tulod ni Oriang ang mawalan ng asawa at hindi Makita ang bangkay nito. Noong Mayo 10, 1897, dinala at binaril sa Bundok Hulog sa Maragondon, Cavite si Andres Bonifacio kasama ang kanyang kapatid na si Procopio. Hanggang ngayon, hindi pa rin nakikita ang kanilang mga labi.



**Gliceria Marella de Villavicencio**

Bagaman marami ang kumampi sa mga dayuhan, may mga miyembro rin ng mga mayayamang angkan ang matapat na sumuporta sa layunin ng rebolusyon. Isa sa kanila si Gliceria Marella de Villavicencio ng Taal, Batangas. Maaga siyang nagpakasal kay Eulalio Villavicencio sa gulang na 19. Dahil parehong nagmula sa mayamang angkan at mahusay sa pagnenegosyo, mas napalago nila ang kanilang mga ari-arian.

Nang mapatay noong 1872 ang mga paring GOMBURZA, nagsimula na si Gliceria at ang kanyang asawa sa pagiging aktibo sa Propaganda. Nang si Rizal ay nasa Hong Kong, nakipagkita sa kanya si Eulalio at nagbigay ng Php18 000.00. Nang bumalik, may dala na itong mga kopya ng *Noli Me Tangere* at ng *El Filibusterismo* ni Rizal. Ang mga ito ay kanilang ipinamigay.

Sinuportahan din ng mag-asawa ang rebolusyon ng 1896. Ipinagamit nila ang kanilang mga kamalig para sa pagmimiting at pagpaplano ng mga Katipunero. Ito ang naging dahilan ng pag-aresto at pagkakakulong ng kanyang asawa.Bagaman pinakawalan ito, iyon ang naging simula ng paghina niya at naging bunga ng kanyang kamatayan.

Ipinagpatuloy ni Gliceria ang pakikipaglaban. Nang gamitin ng mga Espanyol ang kanilang tahanan, sinikap niyang maging mabuting espiya. Noong 1898, ipinahiram niya ang kanyang barkokay Aguinaldo.

Hindi siya tumigil sa mga rebolusyunaryo kahit sa panahon ng Amerikano. Inokupahan ng mga Amerikano ang Batangas. Nahuli siya ng mga itonang makuha ng kalaban ang liham na ipinadala niya sa isang heneral ng puwersang rebolusyon, si Heneral Mariano Trias. Siya ay inilagay sa*house arrest* at nakalaya lamang noong 1900 nang ganap nang makontrol ng mga Amerikano ang rebolusyon.



**Patrocinio Gamboa**

Tubong Ilo-Ilo si Patrocinio Gamboa.Bagaman nagmula rin siya sa isang mayamang angkan ng mga illustrado, kabilang siya sa mga naghahangad ng kalayaan ng Pilipinas mula sa Espanya. Mahilig siyang magbasa ng mga komposisyon nina Rizal at Lopez Jaena. Hindi nagtagal, sumapi na rin siya sa mga nagrerebolusyonaryo sa kanilang lalawigan.

Hindi siya kaagad pinagdudahan ng mga Espanyol dahil siya ay babae. Nakatulong siya sapaniniktik at sa pag-iipon ng pondo para sa rebolusyon. Naging aktibo rin siya bilang miyembro ng Red Cross.

Ang pinakatatanging bahagi ng kanyang pagiging kasapi ng puwersang rebolusyon ay nang matagumpay niyang malampasan ang bantay ng kalaban sa Sta. Barbara, Iloilo. Bahagi na ng pagdiriwang ng anibersaryo ng pamahalaang rebolusyonaryo ang paglaladlad ng watawat.

May watawat na nakahanda na para sa mga taga-Jaro, Iloilo ngunit ang problema nila ay kung paano ito madadala sa kampo ni Heneral Delgado ng Sta. Barbara. Dadaanan nila ang mga bantay na kawal ng mga espanyol na mahigpit na naghahalughog ng mga gamit ng mga nagdaraan. Pinapatay nila kaagad ang sinumang kanilang mapaghinalaan.

Mahusay na nakaisip ng paraan si Patrocinio. Itinago niya ang regalong esopada ni Aguinaldo kay Heneral Delgado sa ilalim ng mga pinaggiikan ng palay samantalang ang bandila naman ay kaniyang itinali sa kanyang baywang at saka niya isinuot ang kaniyang damit. Kasama niya ang isang katipunero na siya namang nagpanggap na kaniyang asawa.

Nang dumaraan sila sa tapat ng mga bantay ay umarte ang dalawa na nag-aaway. Natatawang pinalampas sila ng mga bantay. Ang bandila ay nakarating sa oras ng programa.



**Melchora Aquino**

Kilala si Melchora Aquino sa bansag na "Ina ng Katipunan".Sa edad na 84, hindi siya nag-atubiling magbigay ng tulong sa mga nasugatang Katipunero sa tuwing napapasabak ang mga ito sa labanan.

Dahil mayroon siyang palayan, naging mainam na kanlungan ng mga rebolusyonaryo ang kanyang lugar. Hindi rin siya naging maramot na magbigay ng palay o kalakal niya sa kanyang tindahan. Dito madalas niyang makausap si Andres.Siya ay hinuli at ikinulong dahil sa kanyang pagtulong sa mga Katipunero. Siya ay ipinatapon sa Guam kung saan tinanggap siya ng mag-asawang Pilipino. Pinili niyang magtrabaho sakanila kaysa tumanggap ng libreng tulong.

Nakabalik siya sa Pilipinas noong 1903, nang ang mga Amerikano ay nasa bansa na. Namatay siya sa piling ng kanyang mga anak sa edad na 107.



**Teresa Magbanua**

Nagmula sa mayamang angkan si Teresa Magbanua. Tubong Pototan, Iloilo siya at pinag-aral sa mahusay na paaralan. Nagtapos siya ng pagkaguro at sandaling nakapagturo. Nang siya ay mag-asawa, ginugol niya ang panahon sa pag-aasikaso sa kanilang asyenda. Nahasa pa niya ng lalo ang kanyang galing sa pangangabayo.

Nang sumiklab ang rebolusyon, sumanib siya sa kabila ng pagtutol ng kanyang asawa. Naunang sumapi sa Katipunan ang kanyang dalawang kapatid na lalaki na pawang may mataas na katungkulan sa Katipunan. Pinamunuan niya ang isang pangkat ng mga kalalakihan. Tumulong siya sa pakikipaglaban. Nakilala siya sa kanyang husay sa pamumuno at tinawag na Nay Isa. Maraming labanan ang kanilang naipanalo.Sa kabila ng gutom at kakulangan sa armas, unti-unting naagaw nila ang mga bayan ng Panay hanggang masakop ng mga puwersang rebolusyonaryo ang buong isla.

Ipinagpatuloy niya ang pakikipaglaban sa panahon ng mga Amerikano. Ang kanyang kapatid na si Heneral Pascual ay isa rin sa nagtanggol sa Jaro. Aktibo rin sa pakikipaglaban ang kanyang kapatid na si Elias. Nang bumagsak ang Sta. Barbara, Iloilo sa mga kamay ng mga Amerikano, naging gerilya sila. Napatayang kanyang kapatid na si Elias sa isang labanan, samantalangpatraydor namang pinatay si Pascual.

Nagluksa siya sa pagkamatay ng kanyang mga kapatid. Nang magsimulang magsisuko ang mga Heneral, nilansag niya ang kanyang pangkat sa halip na sumuko. Lumipat siya sa bayan ng kanyang asawa at namuhay nang tahimik. Itinigil niya ang pakikipaglaban nang makita niyang walang mangyayari sa pagtutol nila sa pananakop ng mga Amerikano. Nagbalik siya sa kanyang asawa nang sumiklab ang digmaan. Ipinagbili niya ang kanilang mga ari-arian sapagkat patay na ang kanyang asawa at wala naman silang naging anak. Nakitira na lamang siya sa kanyang kapatid sa Mindanao. Namatay siya noong 1947.



# *Suriin*

**Panuto:** Mula sa kahon sa ibaba, isulat sa patlang sa bawat bilang kung sino ang tinutukoy sa bawat bilang.

| | |
|---|---|
| Melchora Aquino | Gabriela Silang o Gregoria de Jesus |
| Gliceria Marella de Villavicencio | Teresa Magbanua |
| Patrocinio Gamboa | |

_________________1.Tinaguriang Lakambini ng Katipunan.
_________________2.Kinikilala bilang Ina ng Katipunan.
_________________3. Kasama ng kaniyang asawa ay sinuportahan nila ang rebolusyon lalo na matapos bitaying ang tatlong paring Pilipino, ang GOMBURZA.
_________________4.Sumapi sa Katipunan matapos sumapi dito ang kaniyang 2 kapatid na lalaki at namuno sa isang maliit na pangkat.
_________________5.Siya ang dahilan kung papaano nakarating ang watawat kay Heneral Delgado ng Sta. Barbara.



# *Pagyamanin*

**Panuto:**Isulat ♡ sa notbuk ang kung sang-ayon ka sa sinasabi ng pangungusap at ✗ naman kung hindi.

____1. Walang mahalagang naitulong ang mga kababaihan mula sa ibang rehiyon sa pakikipaglaban sa mga mananakop na espanyol.
____2. Maraming iba't ibang dahilan kung bakit nag-alsa ang mga Pilipinong kababaihan laban sa mga Kastila.
____3. Ilan sa mga Pilipinongkababaihan ay nag-aklas dahil sa relihiyon.
____4. Ang mga kababaihang tulad ng mga Igorot ay sang-ayon sa pananakop ng mga Kastila.
____5. Ang maraming pagmamalabis ng mga Espanyol ay isa sa mga pangunahing dahilan ng mga sinaunang pag-aaklas ng mga Pilipin0.



# Gawain

**Panuto:**Punan ang tsart sa ibaba mula sa mga napag-aralan sa araling ito.



| Dahilan | Namuno |
|---|---|
| 1. | Gabriela Silang o Gregoria de Jesus |
| 2. | Gliceria Marella de Villavicencio |
| 3 | Patrocinio Gamboa |
| 4. | Melchora Aquino |
| 5. | Teresa Magbanua |

# Isaisip

**Panuto:** Pangalanan kung sino sa mga kababaihang ang tinutukoy sa bawat pangungusap.

_______________________1. Siya ay ang nagsisibing Lakambini ng Katipunan at asawa ng Supremo.

_______________________ 2. Nang mapatay noong 1872 ang mga paring GOMBURZA, nagsimula na siya at ang kanyang asawa sa pagiging aktibo sa Propaganda.

_______________________ 3. Nang sumiklab ang rebolusyon, sumanib siya sa kabila ng pagtutol ng kaniyang asawa.

_______________________ 4. Siya ay binansagang "Ina ng Katipunan".

_______________________ 5. Tumulong siya sa paniniktik at sa pag-iipon ng pondo para sa rebolusyon. Naging aktibo rin siya bilang miyembro ng Red Cross.



# Tayahain

**Panuto**: **Panuto:** Basahin ang pangungusap at isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

________ 1. Siya ay tinaguriang "Lakambini ng Katipunan".

A. Gabriela Silang
C. Teresa Magbanua
B. Melchora Aquino
D. Patrocinio Gamboa

________ 2. Ano ang ginawa ni Gabriela Silang tuwing matutunugan niya ang pagadating ng mga Espanyolsa kanilang tahanan?

A. Sumasakay siya sa isang karetela at nililibot ang Tondo.
B. Tumatakas kasama si Andres Bonifacio.
C. Humaharap siya sa mga Espanyol.
D. Nagtatago siya sa kanilang tahanan.

________ 3. Bakit nahikayat na maging aktibo si Gliceria Marella de Villavicencio at ang kanyang asawa sa Propaganda?

A. Noong mapatay noong 1872 ang mga paring GOMBURZA.
B. Noong sila ay dinakip ng mga Espanyol.
C. Noong pinalayas sila sa kanilang lugar.
D. Noong naging magulo ang kanilang lugar.

________ 4. Ano ang natatanging partisipasyon ni Melchora Aquino sa pakikibaka sa bayan?

A. Nakipaglaban siya sa mga Espanyol.
B. Hinimok niya ang kanyang kababayan at nagsimula ng himagsikan.
C. Naging kanlungan ang kanyang lugar ng mga rebolusyonaryo.
D. Ipinagtanggol niya ang mga naaapi.

_______ 5. Ano ang pinakatatanging bahagi ng pagiging kasapi ng puwersang rebolusyon ni Patrocinio Gamboa?

A. Napukaw niya ang damdaming makabayan ng kanyang kapwa Pilipino.
B. Naging matagumpay niyang malampasan ang bantay ng kalaban sa Sta.Barbara, Iloilo ng pamahalaang rebolusyonaryo noong panahon paglaladladng watawat.
C. Naglakas - loob siyang labanan ang pang - aapi ng mga espanyol.
D. Itinatag niya ang rebolusyon.



# *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sa isang maikling talata, ipaliwanag ang mga kadahilan na naglunsad ng mga rebelyon ng mga Pilipino.

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________



# *Susi sa Pagwawasto*

**Suriin**
1. Gabriela Silang o Gregoria de Jesus
2. Melchora Aquino
3. Gliceria Marella de Villavicencio
4. Teresa Magbanua
5. Patrocinio Gamboa

**Pagyamanin**
1. X
2. ♡
3. X
4. X
5. ♡

**Isaisip**
1. Gabriela Silang o Gregoria de Jesus
2. Gliceria Marella de Villavicencio
3. Teresa Magbanua
4. Melchora Aquino
5. Patrocinio Gamboa

**Tayahin**
1. A
2. A
3. A
4. C
5. B

# Sanggunian


Most Essential Learning Competencies
Araling Panlipunan 5, Kagamitan ng Mag -aaral
Teachershq.com

Mga Larawan:
https://www.google.com/search?q=kababaihan+sa+rebolusyong+pilipino&source=lnms&tbm=i
https://www.google.com/search?q=Gabriela+Silang+o+Gregoria+de+Jesus
https://www.google.com/search?q=Gliceria+Marella+de+Villavicencio
https://www.google.com/search?q=Patrocinio+Gamboa
https://www.google.com/search?q=Melchora+Aquino
https://www.google.com/search?q=teresa+magbanua

**Region IX: Zamboanga Penin sula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land
Region IX
Our…
Eden…
Land…

**The Footprints Prayer**

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

**Trees by Joyce Kilmer**

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.